



Gabay ng consumer

Pagbili ng lumang sasakyan

Nirerekomenda ng AMVIC na pumili ka ng mga produkto at serbisyong binebenta ng mga negosyong lisensyado ng AMVIC. Ang mga lisensyadong negosyo ay nangangako na susundin ang mga panuntunan sa proteksyon ng consumer na itinakda sa *Consumer Protection Act* ng Alberta.

Bago ka umalis:

- Suriin kung lisensyado ang negosyo sa pamamagitan ng pagpunta sa portal ng AMVIC: <https://amvic.ca.thenticcloud.net/webs/amvic/register/#>
- Kumuha ng larawan o kopya ng isang ad na nakikita mo upang matiyak na sumusunod ang nagbebenta sa ina-advertise na presyo,
 - na dapat naglalaman ng LAHAT ng bayarin at singil na nilalayan na singilin ng nagbebenta.
 - na kung saan ang tanging bayarin na maaaring idagdag sa ina-advertise na presyo ay GST pati na rin ang anumang gastos na nauugnay sa financing. Ito ay tinatawag na **'all-in pricing'** at ito ang batas sa Alberta.
- Magpasya sa iyong budget. Tumutok sa kabuuang halaga ng sasakyan, hindi sa pagiging abot-kaya ng buwanang bayad.
- **Huwag magmadali** kapag bumibili ng sasakyan. Maglaan ng oras at isama ang isang pinagkakatiwalaang kaibigan o kamag-anak sa proseso.

Habang nariyan ka:

Mga deposito

- Hindi mo kailangang magbigay ng deposito upang makapag-test drive o makipag-areglo sa presyo ng sasakyan. Kung walang kasunduan sa pagbebenta, hindi na kailangan ng deposito.
- Huwag lamang ipagpalagay na maibabalik ang deposito. Magbasa nang mabuti at magtanong upang matiyak na ang deposito ay maibabalik o hindi maibabalik, at sa ilalim ng anumang mga tuntunin at kondisyon.
- Kumuha ng resibo para sa deposito.
- Ang AMVIC ay may nirerekomendang deposit agreement form na magagamit ng mga consumer na makukuha sa amvic.org. Ang AMVIC ay may awtoridad na lumikha ng isang mandatory deposit agreement at kung gagawin ito sa hinaharap, dapat itong gamitin ng lahat ng operator ng negosyo na nagbebenta ng sasakyan.

Bill of sale

- Basahin ang bawat salita sa dokumento. Kung ito ay nangangailangan ng isang pirma, ito ay mahalaga!
- Gamitin ang **checklist ng bill of sale** sa amvic.org upang makuha ang lahat ng pangako, pati na rin ang paglilinaw sa mga nakasulat na tuntunin at kondisyon na hindi malinaw sa iyo.
- Tiyaking may kalakip na kopya ng pinakabagong Mechanical Fitness Assessment at maingat mong suriin ito.
- Bago pumirma, suriin ang bill of sale upang matiyak na ang lahat ng impormasyon ay tumpak at kumpleto. I-verify ang mga detalye ng finance agreement at tiyaking tama ang lahat ng iniulat na halaga ng kita at paunang bayad.
- Itigil ang pamimili pagkatapos mong pumirma ng purchase contract. Kapag bumili ka ng sasakyan, walang "cooling off" period. Kahit na makakita ka ng mas magandang deal o magbago ang iyong isip, maaaring ipatupad ng dealer ang kontrata.

Kasaysayan

- Mahalaga na may access ang mga consumer sa impormasyon ng kasaysayan ng sasakyan sa buong proseso ng pagbili. Ang **checklist ng history ng sasakyan sa likod** ay isang magandang gabay na dapat sundin at available sa amvic.org.

Pagkatapos mong bumili:

- Ang mga mamimili na naniniwalang hindi patas ang pagtrato sa kanila ng isang lisensyadong nagbebenta ay maaaring [magsampa ng reklamo sa AMVIC](https://amvic.org).
- Maaaring available ang [Compensation Fund](https://amvic.org) sa mga customer ng isang nabigo at saradong negosyong lisensyado ng AMVIC. Gayunpaman, hindi eligible ang mga consumer na mag-apply sa Compensation Fund kung bumili sila mula sa isang pribadong nagbebenta o curber.

Mag-ingat sa mga curber: mga nagbebenta na nagpapatakbo ng negosyo nang walang lisensya sa pagbebenta na karaniwang nagbebenta ng mga nakaw, sira o na-tamper na odometer ng sasakyan.

History checklist ng sasakyan*



Nakasaad sa checklist na ito ang mga kinakailangan sa ilalim ng Section 31.1(1) ng Automotive Business Regulation (ABR) na dapat ibunyag sa consumer.

Step one: tukuyin ang negosyo at ang sasakyang ibinebenta sa ibaba.

Pangalan ng lisensyadong automotive business _____	
Gawa _____	Modelo _____
Taon _____	Kulay _____
VIN _____	Odometer reading _____

Step two: suriin ang listahan sa ibaba at lagyan ng check ang lahat ng naaangkop.

OO	HINDI	Kung naaangkop, dapat ibigay ang sumusunod na impormasyon sa isang malinaw at nababasang paraan:
		Ang sasakyan ba ay binuy back ng manufacturer kailanman?
		Nasira ba ng apoy ang sasakyan kailanman?
		Nasira ba ng pagbaha ang sasakyan kailanman?
		Ginamit ba ang sasakyan bilang isang sasakyan ng pulis o pang-emergency?
		Ginamit ba ang sasakyan bilang taxi o limo?
		Ang sasakyan ba ay pagmamay-ari ng isang negosyong nagpaparenta ng sasakyan o ginamit bilang isang pinapaarkilang sasakyan?
		Naideklara ba ang sasakyan bilang isang salvage vehicle sa Alberta, o katumbas nito sa ilalim ng ibang hurisdiksyon?
		Naideklara ba ang sasakyan bilang isang non-repairable vehicle sa Alberta, o katumbas nito sa ilalim ng ibang hurisdiksyon?
		Naideklara ba ang sasakyan bilang isang unsafe vehicle sa Alberta, o katumbas nito sa ilalim ng ibang hurisdiksyon?
		Nangangailangan ba ang sasakyan ng pagkukumpuni na nagkakahalaga ng higit sa \$3,000 kasama ang mga piyesa at labor dahil sa isang insidente o banggaan? Kung oo, at ang mga repair na iyon ay nakumpleto ng business operator, ang total upang makumpleto ang mga repair ay \$ _____.
		Ang sasakyan ba ay dating nakarehistro sa ibang hurisdiksyon? Kung oo, pangalanan ang lalawigan/bansa: _____
		Kung ang sasakyan ay nakarehistro sa ibang hurisdiksyon, kailangan ba itong mainspeksyon bago maparehistro sa Alberta? Kung oo, pumasa ba o bumagsak ang sasakyan sa anumang inspeksyon? _____
		Ang lahat ba ng impormasyon sa kasaysayan ng sasakyan sa itaas ay ibinigay nang nakasulat sa consumer bago bumili?

*Ang gabay na ito ay hindi pamalit sa legal na payo at hindi idinisenyo bilang kapalit ng payo mula sa kwalipikadong independiyenteng legal na tagapayo. Ang gabay na ito ay hindi nilayon na maging isang kumpletong listahan ng naaangkop na batas.